News release

# Higit pang suporta para sa lumalaking sistema ng edukasyon ng Alberta

Ika-23 ng Hulyo, 2024 Mga katanungan sa media

## Ang bagong pagpopondo ay tutugon sa tumataas na pagpapatala at magbibigay-daan sa mga awtoridad ng paaralan na maibsan ang tumaas na pangigipit sa pagpapatakbo sa mga paaralang K-12.

And populasyon ng Alberta ay umuusbong at nagdudulot ng hindi pa nagagawang paglaki sa ating sistema ng edukasyon, na nagdaragdag sa makasaysayang bilang ng mga bagong mag-aaral sa buong lalawigan para sa taong-panuruan 2024-25. Kinikilala at nakikiramay ang gobyerno ng Alberta sa mga hamon na kinakaharap ng mga awtoridad ng paaralan sa pagtaas ng pagpapatala, pagtaas ng mga gastos sa pagpapatakbo at implasyon. Iyon ang dahilan kung bakit ito ay namumuhunan ng $215 milyon upang makatulong na maibsan ang mga panggigipit na ito, simula sa taong-panuruan 2024-25.

Ang pamumuhunan na ito ay magpapalawak ng pagpopondo sa pagpapatakbo para sa mga awtoridad ng paaralan sa buong lalawigan at magpapalaki ng bilang ng mga modular na silid-aralan sa pinakamabilis na lumalagong komunidad ng Alberta.

"Parami ng parami and mga tao na pumipili na gawing tahanan ang Alberta at nangangahulugan ito na ang aming mga K-12 na paaralan ay tahanan ng dumaraming bilang ng mga mag-aaral. Nagbibigay kami sa mga awtoridad ng paaralan ng mga karagdagang espasyo at mapagkukunan, para maipagpatuloy nila ang kanilang mahalagang gawain sa pagtuturo sa mga kabataan na taga-Alberta."

*Danielle Smith, Premier*

Ang bawat awtoridad ng paaralan sa buong lalawigan ay makakatanggap ng bahagi ng $125-milyong pagtaas para sa pagpopondo sa pagpapatakbo. Ang halagang makukuha

para sa bawat awtoridad ng paaralan ay matutukoy batay sa bilang ng mga magaaral na pinaglilingkuran nito. Ang bagong pondong ito ay maaaring gamitin ng mga awtoridad ng paaralan upang matiyak na sila ay nasangpapan upang suportahan ang paglaki ng pagpapatala sa pamamagitan ng pagkuha ng mga karagdagang guro at katulong na pang-edukasyon. Karagdagan pa, ang pondong ito ay maaaring gamitin upang matiyak na ang tumataas na mga gastos sa operasyonal na pagpapatakbo ay hindi nakakabawas sa pag-aaral ng mag-aaral.

"Habang patuloy na tumataas ang mga panggigipit sa gastos, nais naming tiyakin na ang pagpopondo sa edukasyon ay hindi inililipat palayo sa mga mag-aaral at silid-aralan. Ang karagdagang pondo na ibinibigay namin sa mga awtoridad ng paaralan ay makakatulong na protektahan ang karanasan sa silid-aralan para sa aming mga magaaral."

*Demetrios Nicolaides, Ministro ng Edukasyon*

Upang matugunan ang pangangailangan para sa mas maraming espasyo para sa mga mag-aaral, ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan ng $90 milyon ngayong taong-panuruan para suportahan ang pagtatayo at pag-lagay ng hanggang 100 na bagong modular na silid-aralan at ang paglipat ng hanggang 50 modular na yunit. Ang mga modular na silid-aralan na ito ay magbibigay sa mga awtoridad ng paaralan ng hanggang 2,500 bagong espasyo at 1,250 na na-optima na espasyo para sa mga mag-aaral sa pinakamabilis na lumalagong mga komunidad ng lalawigan sa Calgary metropolitan region at Edmonton sa taong-panuruan 2024-25.

Sa susunod na tatlong taon, ang gobyerno ng Alberta ay nagbibigay ng higit sa $1.2 bilyon sa mga awtoridad ng paaralan upang tugunan ang paglaki ng pagpapatala. Ang pagpopondo na ito ay susuportahan ang pagkuha ng higit sa 3,100 karagdagang mga guro at kawani ng suporta sa silid-aralan, upang ang mga dibisyon ng paaralan ay maaaring pamahalaan ang mga laki ng klase at ang lumalaking bilang ng mga mag-aaral. Mahigit $1.5 bilyon din ang ibinibigay upang masuportahan ng mga awtoridad ng paaralan ang mga espesyal na pangangailangan sa pag-aaral at matugunan ang mga kumplikadong silid-aralan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanilang mga estudyante na nakatutok na oras, suporta at atensyon na kailangan nila upang magtagumpay.

## Mabilis na mga katotohanan

- Isang rekord na $9.3 bilyon ang gagastusin sa sistema ng edukasyon ng Alberta sa 2024-25, na higit sa $46 na milyon bawat araw na nasa paaralan ang mga mag-aaral.
- Ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan ng $2.1 bilyon para isulong ang 43 priyoridad na proyekto ng paaralan. Ang mga proyektong ito ay magreresulta sa 35,000 bago at moderno na mga puwang ng mga mag-aaral.
- Ang $90-milyong pamumuhunan para sa modular na silid-aralan para tugunan ang presyon ng pagpapatala sa taong-panuruan 2024-25 ay nakakadagdag sa $50 milyon na nakadirekta sa modular na silid-aralan sa Budget 2024. Sa pamamagitan ng $90-milyon na pamumuhunan para sa mga modular na silid-aralan:
  - Ang Calgary Board of Education ay makakatanggap ng hanggang 31 bagong modular na silid-aralan at magkakaroon ng hanggang 14 na ililipat.
  - Ang Calgary Catholic School Division ay makakatanggap ng hanggang 14 na bagong modular na silid-aralan at magkakaroon ng hanggang anim na ililipat.
  - Ang Edmonton Public Schools ay makakatanggap ng hanggang 26 na bagong modular na silid-aralan at magkakaroon ng hanggang 11 na ililipat.
  - Ang Edmonton Catholic School Board ay makakatanggap ng hanggang 17 na bagong modular na silid-aralan at magkakaroon ng hanggang pitong ililipat.
  - Ang Rocky View Schools ay makakatanggap ng hanggang 12 na bagong modular na silid-aralan at magkakaroon ng hanggang 12 na ililipat.

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita